# IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKABANGKAROTA

**ANG BATAS NG PAGKABANGKAROTA AY ISANG BATAS FEDERAL. ANG PAPEL NA ITO AY NAGBIBIGAY SA INYO NG PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ANONG NANGYAYARI SA ASUNTO NG PAGKABANGKAROTA. ANG IMPORMASYONG NARIRITO AY HINDI KUMPLETO. MAAARI KAYONG MANGAILANGAN NG PAYO UKOL SA BATAS.**

## KAPAG KAYO AY MAGPATONG NG PAGKABANGKAROTA:

Maaari kayong pumili ng uri ng pagkabangkarota na ayon sa inyong pangangailangan kung mayroon kayo ng ilang katangiang kailangan:

> Kabanata 7 – Isang tagapangasiwa ay hihirangin upang angkinin ang inyong ari-arian. Ang anumang ari-ariang may halaga ay ipagbibili o ipagpapalit sa salapi upang mabayaran ang inyong pinagkakautangan. Kayo ay maaaring umangkin ng ilang bagay na personal at marahil pati lupain ayon sa batas ng Estado kung saan kayo nakatira at mga angkop na batas pederal.
>
> Kabanata 13 – Kadalasan maaari ninyong angkinin ang inyong ari-arian, ngunit kinakailangang kayo ay kumikita ng sahod o may ibang pinanggagalingan ng pirmihang kita at kinakailangang kayo ay makikipagkasundo na ibabayad ang tiyak na bahagi ng inyong sahod sa inyong pinagkakautangan. Kinakailangang pahintulutan ng hukuman ang inyong plano ng pagbabayad at ang inyong laang-gugulin. Isang tagapangasiwa ay hihirangin at kokolekta ng inyong mga bayad, babayaran ang inyong pinagkakautangan, at sisiguraduhing kayo ay sumusunod sa mga kondisyon ng inyong plano ng pagbabayad.
>
> Kabanata 12 – Katulad ng kabanata 13, ngunit para lamang sa mga pamilyang magsasaka at mga pamilyang mangingisda.
>
> Kabanata 11 – Ito ay kadalasang ginagamit ng mga negosyo. Sa kabanata 11, maaari ninyong ipagpatuloy na patakbuhin ang inyong negosyo, ngunit kinakailangang pahintulutan ng inyong pinagkakautangan at ng hukuman ang inyong plano ng pagbabayad ng inyong mga utang. Hindi magkakaroon ng tagapangasiwa maliban kung ipapasiya ng hukom na ito ay kakailanganin; kung ang isang tagapangasiwa ay hihirangin, ang tagapangasiwa ang mamamahala ng inyong negosyo at ari-arian.

Kung kayo ay nagpatong na ng pagkabangkarota sa ilalim ng kabanata 7, maaari ninyong palitan ang inyong asunto sa ibang kabanata.

Ang inyong pagkapbangkarota ay maaaring iulat sa inyong takda ng kredito ng hanggang sampung taon. Maaari itong umepekto sa inyong abilidad na makatanggap ng kredito sa hinaharap.

## ANO ANG PAGDISKARGA NG PAGKABANGKAROTA AT PAAANO ITO NAPAPATAKBO?

Isang dahilan kung bakit ang mga tao ay nagpapatong ng pagkabangkarota ay upang makatanggap ng “pagdiskarga.” Ang pagdiskarga ay utos ng hukuman na nagsasabing hindi na ninyo kakailanganing bayaran ang inyong mga utang. Ang ilang mga utang ay hindi maaaring maipadiskarga. Halimbawa, hindi ninyo maaaring maipadiskarga ang mga utang sa ---

- Karamihang buwis;
- Sustento sa anak;
- Sustento sa asawa;
- Karamihang utang na pang-estudyante;
- Mga multa na hukuman at pagbabayad-pinsalang pangkriminal; at
- Pinsalang personal dulot ng pagmamaneho ng lasing o ng nasa ilalim ng impluwensa ng bawal na gamut.

Ang diskarga ay umiiral lamang sa mga utang na naganap bago ang petsa ng inyong pagpatong.

Gayundin, kung matututunan ng hukom na kayo ay tumanggap ng salapi o ari-arian sa pamamagitan ng pandaraya, ang utang na iyon ay hindi maaaring maidiskarga.

Mahalagang ilista ang lahat ng inyong ari-arian at mga utang sa inyong mga talaan ng pagkabangkarota. Kung hindi ninyo maililista ang isang pagkakautang, halimbawa, maaaring ang utang na iyon ay hindi madidiskarga.

Maaari ding ipagkait ng hukom ang inyong pagdiskarga kung kayo ay may gagawing hindi tapat kaugnay sa inyong asunto ng pagkabangkarota, katulad ng pagsira o pagtago ng ari-arian, pagpapalsipika ng mga talaan, o pagsinungaling, o kung kayo ay susuway sa utos ng hukuman.

Kayo ay maaari lamang makatanggap ng pagdiskarga ng kabanata 7 minsan sa walong taon. Maaring umiral ang mga ibang alituntunin kung kayo ay dating nakatanggap ng diskarga sa isang kaso ng kabanata 13. Walang sinumang makapagpapabayad sa inyo ng utang na naidiskarga, ngunit maaari kayong magboluntaryong magbayad ng anumang utang na nais ninyong bayaran. Hindi ninyo kakailanganing pumirma ng kasunduan ng pagpapatibay (tumingin sa ibaba) o anumang uri ng dokumento upang gawin ito.

Ang ilang mga nagpapautang ay humahawak ng katibayan ng sangla (halimbawa, ang bangko na humahawak ng sangla sa inyong bahay o ang kumpanyang pinagkakautangan na may sangla ng inyong sasakyan). Hindi ninyo kakailanganing bayaran ang sangla kung ang utang ay naidiskarga, ngunit maaari pa ring kunin ng pinagkakautangan ang ari-arian.

## ANO ANG PAGPAPATIBAY NG PAGKAKASUNDO?

Kahit na maaaring maidiskarga ang pagkakautang, kayo ay maaaring may natatanging dahilan kung bakit ninanais niyong mangakong bayaran iyon. Halimbawa, maaaring nais ninyong gumawa ng plano kasama ang bangko upang mapasa-inyo ang inyong kotse. Upang mangakong babayaran ang utang, kakailanganin ninyong pumirma at magpatong ng pagpapatibay ng pagkakasundo sa hukuman. Ang mga pagpapatibay ng pagkakasundo ay pumapailalim sa mga natatanging patakaran at ito ay kusangloob. Ang mga ito ay hindi hinihingi ng batas ng pagkabangkarota o ng anupamang mga batas. Ang mga pagtitibay ng pagkakasundo ay—

- kinakailangang kusangloob;
- kinakailangang hindi magpatong ng nakalalabis na bigat sa inyo o sa inyong pamilya;
- kinakailangang nasa inyong kabutihan; at
- maaaring alisin anumang oras bago ipagkaloob ng hukuman ang inyong pagdiskarga o sa loob ng 60 araw makalipas ang pagpatong ng pagkakasundo sa hukuman, alinman ang magbibigay sa inyo ng mas mahabang panahon.

Kung kayo ay isang tao at hindi kayo kinakatawan ng abogado, ang hukuman ay kinakailangang humawak ng paglilitis upang magdesisyon kung aaprobahan ang pagtitibay ng pagkakasundo. Ang pagkakasundo ay hindi legal na magkakabisa maliban kung ito ay aaprobahan ng hukuman.

Kung inyong pagtitibayin ang utang at kayo ay mabibigo sa pagbabayad nito, aakuin ninyo ang pagkakautang na tila wala ang pagkabangkarota. Ang pagkakautang ay hindi maididiskarga at maaaring kumilos ang pinagkakautangan upang maangkin ang anumang ari-ariang nakasangla. Maaari ring kumuha ng legal na sakdal ang pinagkakautangan upang mapanibago ang paghatol laban sa inyo.

**KUNG NAIS NINYO NG KARAGDAGANG IMPORMASYON O MAY ANUMANG KATANUNGAN TUNGKOL SA KUNG PAANO MAKAKAAPEKTO SA INYO ANG BATAS NG PAGKABANGKAROTA, KAYO AY MAAARING MANGAILANGAN NG KONSULTANG LEGAL.**

**ANG TAGAPANGASIWA SA INYONG KASO AY WALANG PANANAGUTANG MAGBIGAY NG KONSULTANG LEGAL.**

Binago 10/05